



Wika sa Panahon ng Migrasyon: Pagpapanatili ng Filipino sa Gitna ng Pagbabago

Lizbeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

Ang migrasyon ay hindi lamang paglipat ng tao mula sa isang lugar patungo sa iba. Kasama ng bawat migranteng Pilipino ang kaniyang alaala, kultura, kaugalian, at wika. Sa pagpunta sa ibang bansa o maging sa ibang rehiyon ng Pilipinas, kailangang matutunan ng mga migrante ang mga bagong paraan ng pakikipag-usap upang makapag-aral, makapagtrabaho, at makibagay sa bagong kapaligiran. Ngunit habang natututo sila ng bagong wika, may isang mahalagang tanong: Paano mapananatili ang Filipino at iba pang wikang Pilipino habang nagbabago ang buhay ng mga migranteng komunidad?

Ang wika ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan. Para sa mga Pilipinong naninirahan sa ibang bansa, ang paggamit ng Filipino ay maaaring magsilbing ugnayan sa kanilang pinagmulan. Sa pag-aaral ni Lising (2022) sa mga pamilyang Pilipino sa Sydney, nakita na ang mga pamilya ay dumating sa Australia na may maraming wikang ginagamit, ngunit ang mga paniniwala ng mga magulang tungkol sa halaga ng English ay may malaking impluwensiya sa language practices sa tahanan. Dahil sa mga pang-ekonomiya at panlipunang pressure, maaaring mas piliin ng ilang magulang ang English upang mapabuti ang kinabukasan ng kanilang mga anak. Gayunpaman, ipinapakita rin ng pag-aaral na mahalagang bahagi ng family language policy ang pagpapanatili ng heritage languages.

Hindi lamang English ang nakikipag-ugnayan sa Filipino sa diaspora. Sa pag-aaral nina Moro at Russo (2024) sa mga pamilyang Pilipino sa Italy, ipinakitang highly multilingual ang maraming Filipino migrants. Bukod sa Filipino at English, ginagamit din ang iba't ibang wikang rehiyonal at Italian. Gayunpaman, habang nananatili ang Filipino sa maraming tahanan, mas kakaunti ang naipapasa sa mga bagong henerasyon ng mga wikang rehiyonal. Ipinapakita nito na ang migrasyon ay maaaring magdulot ng pagbabago sa linguistic repertoire ng isang pamilya. Maaaring manatiling mahalaga ang Filipino bilang common language ng mga Pilipino habang unti-unting nababawasan ang paggamit ng kanilang regional languages.

Mahalaga rin ang papel ng identidad sa prosesong ito. Sa pag-aaral nina Bernardo-Hinesley at Arias Álvarez (2024) tungkol sa isang Pangasinan-American family, ipinakitang ang Filipino at Pangasinan ay ginagamit kasama ng English upang maipakita ang magkakaibang bahagi ng identity ng isang transmigrant family. Hindi kailangang mamili ang isang migranteng Pilipino sa pagitan ng pagiging Filipino at pagiging bahagi ng bagong lipunan. Sa pamamagitan ng multilingual practices, maaaring mabuo ang isang identity na parehong nakaugat sa pinagmulan at bukas sa bagong kapaligiran.

Makikita rin ang epekto ng migrasyon sa mga wikang may mas maliit na bilang ng tagapagsalita. Sa pagsusuri nina Lesho at Sippola (2025) sa Cavite Chabacano, ipinakitang ang mass migration ay nakatulong sa pagbuo ng translocal identities habang nagbabago rin ang kalagayan ng wika. Sa kanilang pag-aaral, naging simbolo ng nostalgia at authenticity ang Chabacano habang humihina ang paggamit nito sa ilang konteksto. Mahalaga ang obserbasyong ito dahil ipinapakita nitong maaaring





magkaroon ng bagong kahulugan ang isang wika kapag ang mga tagapagsalita nito ay kumalat sa iba't ibang lugar.

Sa kabilang banda, hindi laging nangangahulugan ang migration na tuluyang mawawala ang Filipino. Ayon kay Lising (2024), ang isang multilingual mindset ay maaaring makatulong upang mapahalagahan ang mga wikang ginagamit ng migrant communities. Sa halip na ituring na hadlang ang maraming wika, dapat silang makita bilang resources na nagbibigay sa mga migranteng Pilipino ng kakayahang makilahok sa iba't ibang komunidad. Ang pagpapanatili ng Filipino, samakatuwid, ay maaaring isagawa kasabay ng pagkatuto ng wika ng host country.

May malaking papel dito ang pamilya. Ang tahanan ang unang lugar kung saan maaaring mapanatili ang Filipino. Ang simpleng paggamit nito sa pakikipag-usap sa mga anak, pagkukuwento tungkol sa Pilipinas, pag-awit ng mga awiting Filipino, at pakikipag-ugnayan sa mga kamag-anak ay maaaring makatulong sa pagpapatuloy ng wika. Maaari ring gamitin ang social media at digital communication upang mapanatili ang ugnayan ng migrant families sa kanilang mga komunidad sa Pilipinas.

Gayunpaman, ang responsibilidad ay hindi dapat nasa pamilya lamang. Kailangan ding magkaroon ng community organizations, paaralan, cultural groups, at digital platforms na nagbibigay ng espasyo para sa Filipino. Ang mga programang pangwika para sa migrant communities ay maaaring magsama ng Filipino classes, cultural activities, storytelling, at online learning resources.

Sa panahon ng migrasyon, nagbabago ang wika dahil nagbabago ang buhay. Ngunit ang pagbabago ay hindi kailangang mangahulugan ng pagkawala. Ang Filipino ay maaaring maglakbay kasama ng mga Pilipino—mula sa tahanan patungo sa paaralan, trabaho, komunidad, at diaspora. Ang tunay na hamon ay tiyaking habang natututo ang mga Pilipino na magsalita ng bagong mga wika, hindi nila nakakalimutang gamitin ang wikang nag-uugnay sa kanila sa kanilang pinagmulan. Ang pagpapanatili ng Filipino sa panahon ng migrasyon ay, sa huli, isang paraan ng pagpapanatili ng koneksyon. Sapagkat saanman mapunta ang isang Pilipino, ang wika ay maaaring magsilbing paalala na ang paglipat sa ibang lugar ay hindi nangangahulugang kailangang iwan ang sariling ugat.

References

- Bernardo-Hinesley, S., & Arias Álvarez, A. (2024). *Transmigrant identities and attitudes: The case of a Pangasinan-American family*. *Journal of World Languages*, 10(3), 668–692. <https://doi.org/10.1515/jwl-2024-0025>
- Lesho, M., & Sippola, E. (2025). *Creole identity, transnational migration, and language endangerment in a Philippine context*. *Journal of Pidgin and Creole Languages*. <https://doi.org/10.1075/jpcl.24029.les>
- Lising, L. (2022). "I want her to be able to think in English": Challenges to heritage language maintenance in a monolingual society. *Multilingua*, 41(5), 549–569. <https://doi.org/10.1515/multi-2021-0106>
- Lising, L. (2024). *Multilingual mindset: A necessary concept for fostering inclusive multilingualism in migrant societies*. *AILA Review*, 37(1), 35–53. <https://doi.org/10.1075/aila.23023.lis>
- Moro, F. R., & Russo, G. (2024). *Family language policy in multilingual Filipino families in Italy*. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 46(9), 2965–2979. <https://doi.org/10.1080/01434632.2024.2321389>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000009; Natanggap: Enero 18, 2026; Tinanggap: Enero 20, 2026; Nailathala: Enero 22, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). *Wika sa Panahon ng Migrasyon: Pagpapanatili ng Filipino sa Gitna ng Pagbabago*. *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/yh52yj88

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

